# Caregiver

Isang uri ng trabaho na tumutulong sa pang-araw araw na pamumuhay at nangangalaga sa mga taong nangangailangan nito upang sila ay panatag na makapamuhay.

## Gawain ng caregiver

### Benepisyo ng pagiging caregiver

Nakakataba ng puso kapag "nagpasalamat" ang mga taong inaalagaan sa isang pasilidad o mga gumagamit ng serbisyo ng pag-aalaga sa kanilang tahanan.

Dumadami na ang mga trabaho na nangangailangan ng sertipikasyon at dahil dito, maaaring makapagtrabaho sa alinmang lugar sa bansang Hapon.

### Mga taong angkop maging caregiver

Dahil kinakailangang makisalamuha sa ibang tao, bagay ang trabaho sa mga taong masayahin at mahilig makipag-usap sa iba't ibang tao.

Mga taong may malasakit sa kapwa.

### Paano maging isang caregiver

Maaaring makakuha ng sertipikasyon ang isang walang karanasan sa trabahong ito habang siya ay nagtatrabaho.

①Magtrabaho sa nursing home, sumailalim sa pagsasanay at makakakuha kayo ng sertipikasyon habang nagkakaroon ng karanasan sa trabaho.

②Pumasok sa Senior Haiskul, Paaaralang Pang-bokasyonal o kolehiyo na mayroong kurso sa social welfare.

（Mayroong kurso para makakuha ng sertipikasyon）



Pagkikipagkapwa sa pamamagitan ng ngiti.



Matutunan ang trabaho sa lubos na pagsasanay.

## Panayam kay Ginoong Shinya Yamahata, Ikalawang Pangulo ng Ippanshadanhōjin Shizuoka-ken Kaigo Fukushi-kai

Interview



### Mahirap ba kapag walang karanasan?

Kung may malasakit sa ibang tao, makakakuha ng kaalaman at karanasan habang nagtatrabaho. Subukan ninyo ito nang nakangiti at pagpapakita ng kagandahang loob sa kapwa.

### Maaari bang makapagtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Hindi kinakailangan ang sertipikasyon. Ngunit, para sa inyong kinabukasan, kumuha ng "Pagsasanay para sa mga Bagong Caregiver". Ito ay makakapagpataas ng inyong sahod at mapapalawak din ang mga maaari ninyong gawing trabaho.

### Ano ang mga maaari kong gawin sa ngayon?

Mahalagang paganahin ang imahinasyon para malaman ang mga iniisip ng mga gumagamit ng serbisyo. Mahalaga rin na palawakin ang pananaw sa buhay sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa iba't ibang tao, pagbabasa ng libro at sumailalim sa iba't ibang karanasan.

**Message**

Malaki ang naitutulong sa lipunan ng trabaho na may kinalaman sa kapakanan. Ang Shizuoka ay itinuturing na isa sa mga nangungunang lalawigan pagdating sa caregiving at aktibo ring nagpapatupad ng mga bagong proyekto. Kapag nakamit ang pinakamataas na sertipikasyon na "Certified Caregiver", maraming trabaho ang maaari ninyong gawin maliban sa pagiging "dalubhasang caregiver sa pasilidad" tulad ng "manedyer", "tagapagsanay sa mga caregivers o tagapagsaliksik". Maaari ninyong makamit ang kapanatagan ng inyong kinabukasan. Maaari rin ninyong magamit ang inyong kakayahan sa ibang wika dahil dumarami na ang mga dayuhang residente na gumagamit ng serbisyo sa kapakanan.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Ippanshadanhōjin Shizuoka-ken Kaigo Fukushi-kai

Tel 054-253-0818